Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Ang Batang Babaeng Nabuhay Muli

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: Janie Forest

Ibinagay nila: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Jaro ay isang pangulo ng sinagoga na nagsamba sa Panginoong Diyos at nangaral siya ng Salita ng Diyos sa iba. Isang araw, may masa-mang pangyayari ang dumating kay Jaro.

Ang kanyang mahal na anak na babae, labing dalawang pong taon lamang ay nagkasakit. Ang kanyang sakit ay walang gamut namakatulong sa pagpagaling. Masama ang sakit na ito. Alam ni Jaros na ang kanyang anak na babae ay mamamatay.

Isang tao lamang ang makatulong sa anak ni Jaro na babae. Si Jaro umalis upang hanapin si Hesus at dalhin Siya sa kanyang bahay.

Maaring mangyari na alam ni Jaro na ang kanyang mga kaibigan sa simbahan ay hindi nasiyahan kay Hesus. Ngunit hindi pinansin ni Jaro ito.

Natagpuan ni Jaro si Hesus na napaligiran ng maraming mga tao.

Siya ay lumuhod sa harap ni Hesus. "Ang aking maliit na batang babae ay nakahiga at mamamatay," Ang nawalaan ng pag-asang Jaro ay nagpakaawa.

"Sumama kayo sa akin upang ilagay ang iyong mga kamay sa kanyang katawan at siya ay gagaling, at siya ay mabubuhay."



Si Hesus ay sumama kay Jaro. Ngunit hindi sila makaalis kaagad dahil sa pulutong ng mga tao. May isang babaeng lubhang lubha ng sakit sa tagal ng labing dalawang mahabang taon. Nagpatingin na siya ng lahat ng mangga-gamut (at ginastos ang lahat ng kanyang pera) ngunit hindi siya gumaling. Gusto sana niyang makita si Hesus!



Anong magagawa ng babaing ito? "Sana kung mahipo ko ang Kanyang mga damit ako ay gagaling," nagsilita ang babae. Unti-unti siyang pumaroon patungo kay Hesus. Samakatuwid, binanat niya ang kanyang kamay at nahipu ang damit ni Hesus.



Isang milagro! Isang MILAGRO! Ang babae ay gumaling. Kaagad! Ganap! Alam niya na siya gumaling na, malakas at buo. Ngunit may nagsalita. "Sino ang humipo sa Akin?" Nagtanong si Hesus. Maraming mga tao ang humipo sa Kanya. Ngunit alam ng babaeng gumaling na gusto ni Hesus na sabihin sa Kanya tungkol nito. Sa kahinaan ng loob, sinabi ng babae kay Hesus ang lahat na ukol sa kanyang buhay.

Ngayon dumating ang mga alila na galing sa bahay ni Jaro. Nakikita sa mga mukha nila na nagsasabi ng malungkot na kuento bago sila nagsalita. "Ang iyong anak na babae ay patay na!" Kinausap nila si Jaro. Patay na! Huli na. Marahil, kung wala sana yong babaeng nagpatagal sa pangyayari ... baka sakali, sana ... namatay! Ang mahal na maliit na batang babae ay wala na.

Nang na dinig ni Hesus ang balitang ito, Siya ay sumagot, "Huwag kayong matakot; maniwala lamang at siya ay gagaling." Gaanong hirap ang dinarama ni Jaro na talagang maniwala kay Hesus. Ang kanyang anak na babae ay patay na.



Sa bahay ni Jaro, ang lahat ay nagsiiyakan at nagluksa para sa bata. "Siya ay hindi patay, kundi natulog lamang." Ang sabi ni Hesus sa kanila. Tumawa sila sa Kanya. Alam nila na ang batang babae ay talagang patay na.

Pinaalis ni Hesus ang bawat isa, kinuha ang batang babae sa kamay and sinabi, "Batang babae, tumayo ka."

Si Jaro ay nang doon. Ang kanyang asawa niya ay doon din. Ang tatlong alagad ni Hesus ay nang doon din. Narinig nila ang lahat nang sinabi ni Hesus. Naririnig ba kaya ng patay na batang babaeng iyon?

Narinig ng patay
na batang
babaeng ang
utos ng
Panginoong
Hesus.
Ang kanyang
espiritu ay
bumalik,
at siya'y
tumayo
kaagad.
Pinabuhay siya
ni Hesus galing
sa kamatayan.

Nagulat ang kanyang mga magulang. Sinabi ni Hesus sa kanila na bigyan ang bata ng pagkain. Sila ay tuwang-tuwa; at malaki ang kanilang pagsalamat kay Hesus. Ang Kanyang dakilang pag-ibig at kapangyarihan ay nagbigay ng buhay muli sa kanilang anak na babae.



Ang Batang Babaeng Nabuhay Muli

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Markos 5, Lukas 8

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16